



MAR 08 2010


MEMORANDUM PANGKAGAWARAN

Blg. **104** , s. 2010

PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pribadong Paaralang Elementarya at Sekondarya

1. Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 964, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng "Araw ng Balagtas". Bahagi ng pagdiriwang na ito ang Timpalak sa Pagsulat ng Tula at Pagsasadula ng Isa sa mga Obra Maestra ni Balagtas. Ito ay itataguyod ng Komisyon sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon.
2. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Diwa ni Balagtas: Karunungan at Katarungan sa Matatag na Republika".
3. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
 - a. Magsasagawa ng Timpalak sa Pagsulat ng Tula;
 - b. Maipapakita ng masining ang bahagi ng isa sa mga obra ni Balagtas; at
 - c. Matatalakay nang lubos ang laman ng paksang-diwa para sa kapakanan ng sambayanan at lipunan.
4. Kahit sino ay puwedeng lumahok sa pagsulat ng tula, maliban sa pagsasadula na lalahukan ng mga guro sa elementarya at sekondarya.
5. Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino sa telepono blg. (02) 736-3832.
6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


VILMA L. LABRADOR
Pangalawang Kalihim



Pamumudmod : 1--(D. O. 50-97)

Sanggunian : Memorandum Pangkagawaran: Blg. 76, s. 2009

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa :

CELEBRATIONS & FESTIVALS

CONTESTS

TEACHERS

STUDENTS

R: Tinay Francisco balagtas

March 4, 2010